DepEd Advisory No. 45, s. 2015
February 11, 2015

In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

PAMBANSANG KUMPERENSIYA AT KONGRESO SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) ay magdaraos ng *Pambansang Kumperensiya at Kongreso* na may temang *Ang Wika at Literaturang Filipino sa Konteksto ng K to 12, ASEAN Integration at Internalisasyon* mula ika-20 hanggang ika-22 ng Mayo 2015 sa Room 407-409, Yuchengco Bldg., De La Salle University, Taft Avenue, Maynila.

Ang mga layunin ng Seminar ay:

1. mabigyan ng malawak na perspektiba ang mga guro at mananaliksik hinggil sa mga repormang pang-edukasyon kaugnay ng wikang Filipino sa konteksto ng K to 12, ASEAN Integration at Internalisasyon;
2. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa pagpapatupad ng kurikulum sa Filipino sa antas sekundarya (Baitang 7-10 at 11-12);
3. mapataas ang antas ng kasanayan at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa bagong General Education Curriculum (GEC) sa antas tersiyarya;
4. maitaguyod ang pag-aaral at pagtuturo ng wikang Filipino at kulturang Pilipino sa konteksto ng ASEAN Integration; at
5. mapalawak ang kaalaman ng mga guro at mananaliksik hinggil sa mga pagsisikhay kaugnay ng internalisasyon ng wikang Filipino bilang lunsaran ng paglikha ng mga kahawig na programa.

Inaanyayahang dumalo ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa bawat paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon/kaalaman, maaaring tumawag alinman sa mga sumusunod:

Prof. Emma O. Sison DLSU, Taft Avenue, Maynila Telepono Blg.: (02) 881-2573 Mobile Phone No.:0917-896-1993	Dr. David Michael M. San Juan DLSU, Taft Avenue, Maynila Mobile Phone No.: 0927-242-1630 Email Address: dmmsanjuan@gmail.com	Dr. Aurora E. Batnag Mobile Phone No.: 0943-725-9583 Email Address:au@batnag.org

Alma/DA pambansang kumperensiya at kongreso
0082-February 5, 2015